BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Oktubre 17, 2024
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, pinagmumulta ang Radius Recycling, na dating Schnitzer Steel, ng $575,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area sa araw na ito na sumang-ayon ang Radius Recycling, na dating Schnitzer Steel, na magbayad ng $575,000 para aregluhin ang mga paglabag sa kalidad ng hangin na nangyari sa mga pasilidad nito sa West Oakland at San Jose. Walong abiso sa paglabag ang aaregluhin ng multa.

Pito sa mga abiso sa paglabag ang nauugnay sa paglalagay at pagpapatakbo ng equipment para sa abatement ng polusyon sa hangin na iniatas ng Distrito ng Hangin at ng iba pang ahensya na ilagay ng Radius Recycling sa metal shredder nito sa West Oakland. Nagbigay ng hiwalay na abiso sa paglabag sa Pick-n-Pull Auto Dismantlers sa San Jose, na pag-aari at pinapatakbo ng Radius Recycling, para sa hindi nito pagpapalit ng carbon filter matrix na ginagamit sa pagkontrol ng mga vapor ng gasolina.

“Ang mga komunidad na kinaroroonan ng mga pasilidad na ito ay nakakaranas na ng hindi patas na porsyento ng polusyon sa hangin ,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sineseryoso namin ang mga paglabag na ito at layunin naming tiyakin na ganap na tumatakbo ang mga teknolohiya para sa pagkontrol ng polusyon sa hangin sa lahat ng pagkakataon para maprotektahan ang kalidad ng hangin at ang kalusugan ng mga nakatira sa mga nakapaligid na komunidad.”

Noong Mayo 2024, may pinagtibay ang Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin na bagong patakaran na nagdidirekta ng malaking bahagi ng pondo mula sa multa sa mga komunidad na pinakaapektado ng mga paglabag sa kalidad ng hangin. Sa patakarang ito, $237,500 ng nasabing multa ang ii-invest sa mga lokal na proyektong partikular na idinisenyo para mabawasan ang polusyon at mapabuti ang kalusugan ng publiko sa mga komunidad na apektado ng mga paglabag na ito.

Sa pasilidad nito sa West Oakland, ang Radius Recycling ay nagse-shred at nagso-sort ng mga materyales na gawa sa metal , gaya ng mga lumang sasakyang at appliance, na ibinebenta at ibinibiyahe mula sa pasilidad para sa muling paggamit sa mga steel mill at foundry sa ibang bansa. Ang Pick-n-Pull Auto Dismantlers sa San Jose ay nag-aalok ng self-service na recycled auto parts sa pangkalahatang publiko.

Noong 2022, naglagay ang Radius Recycling ng bagong equipment para sa abatement sa metal shredder sa lokasyon nito sa West Oakland para masunod ang mga regulasyon ng Distrito ng Hangin. Naging epektibo ang iniatas na equipment para sa abatement sa pagbabawas sa potensyal ng shredder na mag-emit ng mga emisyon ng precursor organic compound mula sa mga stack nito mula sa pagiging humigit-kumulang 236.7 tonelada bawat taon papuntang 5.1 tonelada bawat taon, pati sa pagbabawas sa mga panganib na dulot ng mga nakakalasong contaminant sa hangin. Gayunpaman, noong 2022, sa mga pagsusuri ng mga emisyon, may mga natukoy na partikular na problema sa equipment para sa abatement, kasama ang mga isyu sa tuning na nagdudulot ng mas matinding emisyon ng mga oxide ng nitrogen at mga problema sa isang mist eliminator, na nagbigay-daan sa mga emisyon ng particulate na mas matindi kaysa sa pinapahintulutan. Sa sumunod na pagsusuri sa huling bahagi ng 2022 at 2023, nakitang nalutas na ang mga problemang ito. Inisyu ng Distrito ng Hangin ang pitong abiso na ito sa paglabag para sa mga nasabing paglabag at para sa iba pang isyu gaya ng late na pagsusumite ng mga resulta ng pagsusuri.

Hindi inaareglo ng multang ito ang mga abiso sa paglabag na inisyu ng Distrito ng Hangin kaugnay ng sunog noong Agosto 2023 sa pasilidad sa West Oakland. Ni-refer ng Distrito ng Hangin ang mga abisong iyon sa paglabag sa Abugado ng Distrito ng County ng Alameda para bigyang-daan ang paghahatol ng krimen sa kasong iyon. Sa ilalim ng batas ng California, ang mga paglabag sa kalidad ng hangin ay puwedeng hatulan bilang kasong sibil ng Distrito ng Hangin o bilang krimen ng Abugado ng Distrito, pero hindi pareho. Isinasagawa pa sa kasalukuyan ang paghahatol ng krimen ng Abugado ng Distrito.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X, Facebook, Instagram, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*